# THE DEPARTMENT OF DEVELOPMENTAL SERVICES REQUESTS YOUR INPUT

The Department of Developmental Services oversees the 21 regional centers in California. The Department is working on changes to some of the regional center procedures to make them consistent across all regional centers and easy to understand.

You are receiving this invitation because you have recently completed the intake process, which began when you contacted the regional center, and was completed when the regional center determined whether you or your family member are eligible for regional center services. Your responses are important and may be used to inform ongoing efforts to improve the intake process.

This online survey will take approximately 5-10 minutes to complete. You do not need to identify yourself or your regional center. However, if you would like someone to follow up with you about your experience, you can provide your name and contact information at the end of the survey.

If you have any questions about the online survey, you can contact the Department at intake@dds.ca.gov.

**Thank you!**

**Please scan this QR code to access the online survey. You will be able to choose your preferred language.**

# HINIHILING NG DEPARTAMENTO NG MGA SERBISYONG PANGKAUNLARAN (DEPARTMENT OF DEVELOPMENTAL SERVICES) ANG IYONG KOMENTO

Ang Departamento ng Mga Serbisyong Pangkaunlaran ay nangangasiwa sa 21 sentrong pangrehiyon sa California. Ang Departamento ay gumagawa ng mga pagbabago sa ilan sa mga pamamaraan ng sentrong pangrehiyon upang maging pare-pareho ang mga ito sa lahat ng mga sentrong pangrehiyon at madaling maunawaan.

Natanggap mo ang paanyayang ito dahil kamakailan mo lamang natapos ang proseso ng pagtanggap, na nagsimula noong ikaw ay nakipag-ugnayan sa sentrong pangrehiyon, at natapos nang matukoy ng sentrong pangrehiyon kung ikaw o ang iyong miyembro ng pamilya ay kwalipikado para sa mga serbisyo ng sentrong pangrehiyon. Mahalaga ang iyong mga sagot at maaaring gamitin upang makatulong sa patuloy na pagsusumikap na mapabuti ang proseso ng pagtanggap.

Ang online na survey na ito ay tatagal ng humigit-kumulang 5-10 minuto upang makumpleto. Hindi mo kailangang kilalanin ang iyong sarili o ang iyong sentrong pangrehiyon. Gayunpaman, kung nais mong may makipag-ugnayan sa iyo tungkol sa iyong karanasan, maaari mong ibigay ang iyong pangalan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa dulo ng survey.

Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa online na survey, maaari kang makipag-ugnayan sa Departamento sa intake@dds.ca.gov.

**Salamat!**

**Paki-scan ang QR code na ito upang ma-access ang online na survey. Magagawa mong pumili ng iyong nais na wika.**